Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA PAARALANG ELEMENTARYA NG CALLIOS NOONG IKA- 3 NG MAYO, 2000, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:35 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO ........... PANG. PUNONG BAYAN
Tagapangulo
Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... Kagawad
Kgg. Florencio C. Odejar ......... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ............ Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ............ Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas ........... Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco ......... Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Edgardo T. Porca ............ Kagawad
nasa lakad opisyal

### KAPASIYAHAN BLG. 170-T'2000

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 05-T'2000/ ORDINANSA BLG. 02-T'2000 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG SANTO ANGEL NORTE HINGGIL SA ANNUAL INVESTMENT PLAN (AIP) PARA SA TAONG 2000 NA PAGLALAANAN NG 20% PONDONG PANGKAUNLARAN NG NABANGGIT NA BARANGAY NA NAGKAKAHALAGA NG DALAWANDAAN WALUMPU'T SIYAM NA LIBO WALONG DAAN PITUMPUNG PISO AT APATNAPU'T PITONG SENTIMOS (P289,870.47).**

**SAPAGKA'T**, ang nasabing AIP ay ginawa ayon sa 20% Development Fund ng Barangay ng Santo Angel Norte bilang pagtalima sa Kautusang Pampanguluhan o Executive Order No. 189;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Ricardo B. Ramirez at Louie C. de Leon at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 05-T'2000/Ordinansa sa Laang Gugulin Blg. 2-T'2000 ng Sangguniang Barangay ng Santo Angel Norte hinggil sa Annual Investment Plan (AIP) para sa taong 2000 na paglalaanan ng 20% pondong pangkaunlaran ng nabanggit na barangay na nagkakahalaga ng P289,870.47.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos, Pambayang Manananggol at Sangguniang Barangay ng Santo Angel Norte, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan